


7

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikatlong Markahan – Modyul 4: Hirarkiya ng Pagpapahalaga



Edukasyon sa Pagpapakatao- 7
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan- Modyul 4: Hirarkiya ng Pagpapahalaga
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Mga Manunulat: Liezel Joy P. Diño

Language Editor: Florenil M. Malabayabas

Tagasuri: Annabelle M. Marmol, Mariam B. Rivamonte, Nestor T. Rualo

Tagaguhit: Gerardo G. Lacdao

Tagalapat: Liezel Joy P. Diño, Jefferson R. Repizo

Tagapamahala: Benjamin D. Paragas, Mariflor B. Musa, Freddie Rey R. Ramirez,
Danilo C. Padilla, Annabelle M. Marmol, Lany M. Semilla, Mariam B. Rivamonte,
Nestor T. Rualo

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – MIMAROPA Region

Office Address: Meralco Ave., cor. St. Paul Road, Pasig, City

Telefax: 02-8631-4070

E-mail Address: mimaropa.region@deped.gov.ph

7

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikatlong Markahan – Modyul 4:
Hirarkiya ng Pagpapahalaga**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




Alamin

Bakit ko kailangang piliin ang mas mataas na antas ng pagpapahalaga? Ano ang maganda na maaari nitong maidulot para sa akin? Ang mga pinahahalagahan ko ba ngayon ay makaaapekto sa kung ano ang maaaring maging kinabukasan ko? Ito at marami pang mga katanungan ang madalas kinahaharap ng mga nagbibinata/nagdadalagang katulad mo. Sa modyul na ito ay matutuklasan mo ang inaasam mong mga kasagutan.

LAYUNIN

Sa araling ito inaasahan na:

- Napatutunayang ang piniling uri ng pagpapahalaga batay sa hirarkiya ng mga pagpapahalaga ay gabay sa makatotohanang pag-unlad ng ating pagkatao.



Subukin

Panuto: Isulat ang letrang A kung ang sitwasyon ay nagpapatunay na ang piniling uri ng pagpapahalaga ay gabay sa makatotohanang pag-unlad ng ating pagkatao at letrang B naman kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.

- _____ 1. Si Gerald ay maagang nakapag-asawa kaya hindi siya nakapagtapos ng pag-aaral. Labis ang suporta na kaniyang natatanggap mula sa mga magulang na naninirahan na sa ibang bansa. Dahil dito, madalas siyang lumabas, uminom ng alak at magsugal kasama ang kaniyang mga kaibigan.
- _____ 2. Dahil sa labis na kahirapan ay ipinangako ni Charise na siya ay magiging isang doktor balang-araw. Nagsikap siya, nag-aral sa araw at nagtrabaho naman sa gabi. Ano pa at makalipas ang ilang taon ay natupad niya ang kaniyang pangarap na maging ganap na doktor.
- _____ 3. Madalas mag-Facebook at maglaro ng online games si Sam kung kaya't napapabayaang na niya ang pag-aaral ng leksiyon. Dahil dito, siya ay bumagsak sa limang asignatura.
- _____ 4. Lumaki sa layaw si Mike. Lahat ng kaniyang naisin ay nakukuha niya. Ano pa at nagbinata siyang matigas ang ulo at walang alam sa anomang gawain.
- _____ 5. Sa kabila ng tagumpay na tinatamasa ni Angelo, pinili niyang ilaan ang kaniyang panahon para sa pagtulong sa mga batang lansangan. Iniwan niya ang kaniyang negosyo sa mga taong kaniyang pinagkakatiwalaan at ibinabahagi niya ang kaniyang yaman sa mga batang kaniyang tinutulungan. Nakahanda siyang laging tumugon sa kagustuhan ng Diyos na maglingkod sa kapuwa na walang hinihintay na anomang kapalit.

Aralin

4

Pagpapahalaga Ko: Gabay Tungo sa Pag-unlad ng Aking Pagkatao

Ano-ano ba ang mahalaga sa isang kabataang katulad mo? Maraming maaaring maging sagot sa tanong na ito sapagkat magkakaiba ang pamantayan sa mga pinahahalagahan ng bawat indibidwal. Maaaring ang iyong sagot ay pagkain, hangin, buhay, pag-aaral, magulang o kaibigan at iba pang materyal at di-materyal na bagay na para sa sarili mong pananaw ay mahalaga.

Bagama't magkakaiba ang antas ng pagpapahalaga ng tao, mahalagang hamon sa atin lalo na sa iyo ang pagsasabuhay ng mas mataas na antas ng pagpapahalaga sa isang sitwasyon. Ito ay sa pamamagitan ng palaging pagpili na gawin ang mas mataas na antas ng pagpapahalaga kaysa sa mababang antas. Sa ganitong paraan ay mas nasisigurado mong ginagawa mo ang tama at mabuti.



Balikan

Panuto: Suriing mabuti at ipaliwanag ang mga larawan ayon sa antas ng pagpapahalaga. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.

1. _____	2. _____	3. _____	4. _____	5. _____



Mga Tala para sa Guro

Gamiting gabay ang mga larawan sa itaas upang masukat muli ang naging pag-unawa ng mag-aaral sa nakaraang aralin. Matapos suriin ang larawan ay bigyan ng sapat na panahon ang mag-aaral na pag-isipan muli ang kanyang paliwanag sa kanyang sagot.



Tuklasin

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1.1: Case Study

Panuto: Basahin at suriing mabuti ang bawat sitwasyon. Matapos nito ay isulat sa ibaba ng bawat kahon ang iyong mga pamamaraang isasagawa kung ikaw ang nahaharap sa katulad na sitwasyon. Isulat ang iyong sagot sa sagutang-papel.

Dahil sa madalas na hindi pagkakasundo ay nagdesisyon ang mga magulang ni Jamaica na maghiwalay na lamang. Gusto sana ni Jamaica na sumama sa kaniyang ama sa pag-alis nito sa kanilang bahay ngunit ayaw din niyang iwan ang kaniyang ina.

Kung ako si Jamaica, ang gagawin ko ay _____

_____.

Ginabi na sa pag-uwi sina Vnce at Zandro mula sa pag-eensayo ng basketbol. Habang papauwi ay nakasaksi sila ng isang krimen. Dahil sa takot ay kumaripas ng takbo ang dalawa at hindi nagawang tulungan ang biktima ng krimen.

Kung ako si Vince o si Zandro, ang gagawin ko ay _____

_____.



Suriin

Ayon kay Max Scheler, ang moral na kilos ay nagaganap kung ang isang tao ay pumipili ng isang pagpapahalaga kapalit ng iba pang mga pagpapahalaga. Ang paghuhusga sa pagiging mabuti o masama ng kilos

“At huwag nating kaligtaan ang paggawa ng mabuti at ang pagtulong sa kapuwa, sapagkat iyan ang alay na kinalulugdan ng Diyos .”

Mga Hebreo 13:16


ng tao ay nakasalalay sa pagpili ng pahahalagahan. Sa mga gawaing maituturing ng sariling konsensiya bilang mabuti, nakikita na mas pinipili ang mataas na pagpapahalaga kaysa sa mababang pagpapahalaga o positibong pagpapahalaga kaysa negatibong pagpapahalaga. Sa kabilang banda, maituturing na masama ang isang gawain kung mas piniling gawin ang mas mababa kaysa sa mataas na pagpapahalaga o negatibong pagpapahalaga kaysa sa positibong pagpapahalaga.

Ang pananalig ng paggawa ng mabuti, na nangangahulugan ng pagpili ng mas mataas na mga pagpapahalaga, laban sa masama, ang nakapagpapataas sa pagkatao ng tao. Sa pagbuo ng pagkatao ng tao at sa pagkamit ng mas mataas na mga pagpapahalaga, mahalagang malinaw sa iyo na nakasalalay ito sa pagkakaroon ng sapat na kaalaman at kahandaan na pumili ng tama at batay sa mga moral na prinsipyo.

“Ang pag-alam sa kabutihan ay hindi gumagalaw sa larangan ng pag-iisip kundi sa larangan din ng pakiramdam.

Ninansa ng tao ang mabuti at hindi ang masama.”

Max Scheler



Pagyamanin

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1.2: Larawan ng Pagpapahalaga


Panuto: Sa loob ng kahon ay gumuhit o magdikit ng mga larawang nagpapakita ng kahalagahan sa pagpili ng mas mataas na antas/uri ng pagpapahalaga ayon sa hirarkiya ng pagpapahalaga ni Max Scheler. Pagkatapos ay isulat ang maikling paglalarawan at paliwanag sa tapat ng bawat kahon. Gawin ang gawain sa iyong kuwaderno o sagutang-papel.



Isaisip

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1.3: Buod-Diwa

Panuto: Ang buod ng iyong natutuhan sa araling ito ay nakapaloob sa *graphic organizer* sa ibaba. Suriin itong mabuti at ipaliwanag sa loob ng 3-5 pangungusap. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.




Simulan mong ipaliwanag dito...



Isagawa

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1.5: Bakit List

Panuto: Sumulat ng limang (5) dahilan kung bakit kailangan mong piliin ang mababang antas ng pagpapahalaga (Pandamdang at Pambuhay) at sa tapat naman nito ay sampung (10) dahilan kung bakit kailangan mong piliin ang mas mataas na antas ng pagpapahalaga (Ispirituwal at Banal). Isulat sa loob ng kahon ang iyong mga sagot. Gawin ang gawain sa iyong sagutang-papel.



Tayahin

Panuto: Isulat ang letrang A kung ang sitwasyon ay nagpapatunay na ang piniling uri ng pagpapahalaga ay gabay sa makatotohanang pag-unlad ng ating pagkatao at letrang B naman kung hindi. Isulat ito sa iyong sagutang-papel.

- _____ 1. Si Gerald ay maagang nakapag-asawa kaya hindi siya nakapagtapos ng pag-aaral. Labis ang suporta na kaniyang natatanggap mula sa mga magulang na naninirahan na sa ibang bansa. Dahil dito, madalas siyang lumabas, uminom ng alak at magsugal kasama ang kaniyang mga kaibigan.

- _____2. Dahil sa labis na kahirapan ay ipinangako ni Charise na siya ay magiging isang doktor balang-araw. Nagsikap siya, nag-aral sa araw at nagtrabaho naman sa gabi. Ano pa at makalipas ang ilang taon ay natupad niya ang kaniyang pangarap na maging ganap na doktor.
- _____3. Madalas mag-Facebook at maglaro ng online games si Sam kung kaya't napapabayaang na niya ang pag-aaral ng leksiyon. Dahil dito, siya ay bumagsak sa limang asignatura.
- _____4. Lumaki sa layaw si Mike. Lahat ng kaniyang naisin ay nakukuha niya. Ano pa at nagbinata siyang matigas ang ulo at walang alam sa anomang gawain.
- _____5. Sa kabila ng tagumpay na tinatamasa ni Angelo, pinili niyang ilaan ang kaniyang panahon para sa pagtulong sa mga batang lansangan. Iniwan niya ang kaniyang negosyo sa mga taong kaniyang pinagkakatiwalaan at ibinabahagi niya ang kaniyang yaman sa mga batang kaniyang tinutulungan. Nakahanda siyang laging tumugon sa kagustuhan ng Diyos na maglingkod sa kapuwa na walang hinihintay na anomang kapalit.



Karagdagang Gawain

Panuto: Gawin ang sumusunod.

1. Makinig o magbasa ng balita mula sa radyo, diyaryo, magasin o internet tungkol sa mga kilalang tao sa lipunan na naging matagumpay dahil tama ang pagpili nila ng pahahalagahan.
2. Ipaliwanag kung bakit ang kilalang tao na ito ang iyong napili. Isulat ang iyong sagot sa isang bond paper kalakip ang larawan ng taong napili.



Susi sa Pagwawasto

<p>Tayahin</p> <p>1. B 2. A 3. B 4. B 5. A</p>

<p>Subukin</p> <p>1. B 2. A 3. B 4. B 5. A</p>

Sanggunian

- Kagawaran ng Edukasyon, Edukasyon sa Pagpapakatao Gabay Kagamitan ng Mag-aaral (Ikalawang Bahagi) Lungsod ng Pasig, Pilipinas, 2012, pp. 23-35

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph